# datos

Ilinathala ng Rehiyunal na Kawanihan sa Instruksyon ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bikol


## UNANG 100 ARAW NI BONGBONG MARCOS: ANONG NAPALA NG TAUMBAYAN?



## Nagsimula ang ilehitimong rehimeng Marcos II nang nakatuntong sa isa sa pinakamaruruming eleksyon sa kasaysayan ng bansa

1

**SINUPORTAHAN AT TINIYAK NG PINAKAMALALAKING DINASTIYANG PULITIKAL SA BANSA ANG KANYANG PAGKAPANALO.**



KOMPOSISYON NG BURUKRASYA SA PANAHON NG PAGTAKBO NI MARCOS SA PAGKAPANGULO NITONG TAON

**14 sa 24** senador ang mula sa isang makapangyarihang angkan.



**162 sa 300** kongresista ang mula sa mga dinastiyang pulitikal.



**60 sa 81** gubernador ang mula rin sa mga dinastiyang pulitikal. Mayroong silang pinagsamang **108** kamag-anak sa iba't ibang lokal na pusisyon.



**Walo sa kada sampung** gubernador ang may mga kapamilyang nasa pusisyon din.



**Pito sa kada sampung** bise gubernador at kongresman, ang may kaanak din na sa pwesto.



**18 makapangyarihang pamilya** ang may dalawa o higit pang myembro sa loob ng Kongreso.

# Nagsimula ang ilehitimong rehimeng Marcos II nang nakatuntong sa isa sa pinakamaruruming eleksyon sa kasaysayan ng bansa

## 2 GINAWA NIYA ANG LAHAT NG PAMAMARAAN, MULA SA PAGBILI NG BOTO HANGGANG SA TODO-LARGANG MILITARISASYON, UPANG MAKATAKBO AT MATIYAK ANG PAGLUSOT NG LINUTONG PAGKAPANALO

**PAG-IKOT SA BATAS.** Ibinasura ng COMELEC ang mga petisyon ng diskwalipikasyon laban sa kanya. Kahit na malinaw siyang nahatulang may sala sa pinal na desisyon ng Regional Trial Court at Court of Appeals hinggil sa hindi pagbabayad at paglalahad ng kanyang income tax returns para sa mga taong 1982, 1983 at 1984 habang nanunungkulan siyang bise gubernador at gubernador ng Ilocos Norte.

**MAPANIBASIB NA MILITARISASYON.** Bago pa man ang eleksyon, ikinakampanya na siya at si Sara Duterte ng militar na nagsasakyada sa mga komunidad. Pinaigting din ang red-tagging, pagmamanman, paninira sa oposisyon, iligal na pang-aaresto at ekstrahudisyal na pamamaslang.

**18,000**

*Sa araw mismo ng eleksyon, ayon sa International Coalition for Human Rights for the Philippines, nagdeploy ng hindi bababa sa 18,000 militar at susun-susong checkpoint.*

**26 kaso**

*naitalang paglabag sa karapatang tao sa panahon ng eleksyon sa Kabikulan.* ***Kabilang ang masaker sa isang tourist guide, barangay tanod at magsasaka sa Sityo Small, Brgy. Sta. Cruz, Donsol, Sorsogon noong Mayo 2.***

**DAYAAN SA AUTOMATED ELECTIONS.** Ayon sa 60 internasyunal na tagapagmasid mula sa 11 bansa sa buong daigdig ng International Observer Mission - na pinangunahan ng International Coalition for Human Rights for the Philippines, Kontra Daya, at United Church of Christ of the Philippines, hinuhusgahan nilang bigo at ilehitimo ang eleksyon dahil sa talamak na pandaraya tulad ng:

a. talamak at lantarang pagbabayad ng mga raliyista at magpapanggap na tagasuporta
b. pinakamasahol na bilihan ng boto
c. pagkasira ng maraming Vote Counting Machines
d. maling paggamit at abuso sa mga SD cards ng naturang mga VCM
e. napakabilis na paglalabas ng resulta

Maging ang dating Undersecretaary ng DICT na si Eliseo Rio at dating NAMFREL Chairperson Augusto Lagman ay nagpahayag ng pagkabahala sa dami ng anomalya sa nagdaang eleksyon.


# Nagsimula ang ilehitimong rehimeng Marcos II nang nakatuntong sa isa sa pinakamaruruming eleksyon sa kasaysayan ng bansa

## 3 MAHABANG PANAHON NIYANG PINAGHANDAAN AT TODO-BUHOS NA PINUHUNANAN ANG KAMPANYANG 3N O ANG PAGGAMIT SA NEW MEDIA, NOSTALGIA, AT NEGATIONISM UPANG BAGUHIN ANG SIKOLOHIYA NG MADLA PABOR SA MGA MARCOS

**NEW MEDIA.** Bago pa tumakbo sa pagkapangulo, pinaiingay na ng kampo ni Bongbong Marcos, kasabwat ng mga Duterte, ang kani-kanilang mga pangalan sa pamamagitan ng tinaguriang new media. Kinatatangian ito ng mga batalyon ng bayarang troll, tradisyunal na bloggers, video bloggers (vloggers), influencers at iba pang grupong naglilipana sa internet at iba pang alternatibong pinagmumulan ng balita. **Bago mabuo ang "Uniteam," mayroon nang "AlDub" o Alyansang Duterte-Bongbong.**


Ayon sa ulat ng Digital Public Pulse, sa Youtube, tuwiran nang nauugnayan ng mga pulitiko ang madla nang walang tulong ng mainstream at tradisyunal na midya.

Ginamit ng sabwatang Marcos-Duterte ang New Media upang durugin ang oposisyon. Ayon sa fact-checking initiative na Tsek.PH, si **Leni Robredo** ang nangungunang biktima ng disimpormasyon noong Enero 2022. Ayon din sa pag-aaral ng #FactsFirstPH, ang mga pangunahing kinatawan ng Liberal Party (LP) ang pangunahing target ng disimpormasyon sa panahon ni Duterte: sina **Noynoy Aquino, Leni Robredo at Mar Roxas.**





Idinulot nito ang pagkaunti ng bilang ng mga nahahalal na kandidatong mula sa LP kumpara noong 2019 ngayong 2022.




**NOSTALGIA AT NEGATIONISM.** Gamit pa rin ang makinarya ng New Media, itinambol ng pamilyang Marcos ang pagtanggi sa kanilang mga kasalanan noon *(negationism)* at pilit na pinababango sa taumbayan ang panahon ng pamumuno ni Marcos Sr. *(nostalgia)*.



# Pakatuntong pa lamang sa pwesto sinimulan na ni Marcos ang higit pang agresibong **atake sa kasaysayan at katotohanan**

## MAY APAT NA PANGUNAHING TEMA ANG ATAKE NG REHIMENG MARCOS II SA KASAYSAYAN AT KATOTOHANAN



### authoritarian nostalgia at fantasy

pagpapalabas na ang gubyernong awtoritaryan ng kanyang ama ay nagdulot ng kaunlaran sa bansa. Kasinungalingan ng Golden Age umano ng Pilipinas

### kawalan ng tiwala sa demokrasya

pagsakay sa matinding diskuntento ng taumbayan sa demokrasya ng elitistang burgis at pagtatanggol sa diktadura bilang katanggap-tanggap na alternatibo.

### conspiracy theories

mga kwentong tulad ng Tallano Gold at Yamashita Treasure na nagbibigay-matwid sa labis na yaman ng mga Marcos. Ayon pa sa mga lumalaganap na kwento, ipamimigay daw ng mga Marcos ang yaman na ito kapag nakaupo na sa pwesto.

### naratibo ng strongman

pagpapalitaw na naaayon sa panahon ang pagpapataw noon ng Batas Militar ni Marcos Sr. Pagpapalabas na naging disiplinado at mapayapa ang bansa sa panahon ng martial law.

## KINAKASANGKAPAN NI MARCOS II ANG IBA'T IBANG PAMAMARAAN UPANG IPALAGANAP ANG KANILANG BERSYON NG KASAYSAYAN



### SISTEMATIKO AT WALANG AWAT NA PAGLAGANAP NG TROLLS SA 'NEW MEDIA'

**MATAGALAN.** Isa sa mga pinakaunang nabuong Facebook group ang **Marcos Loyalist.** Nagsimula ito noong 2013. Noong 2014 mayroon itong 10,000 kasapi na lumobo sa 216,000 noong 2014.

Tulad ng iba pang groups at pages ng mga Marcos, nakatuon ito sa pagpapakalat ng mga pekeng balita at disimpormasyon laluna tungkol sa panahon ng batas militar 1972.

**SANGA-SANGA.** Pinaunlad din ni Marcos II ang pagpapalabas ng disimpormasyon sa iba't ibang daluyan (multiple platforms). Sinakyan nito ang kasikatan ng **Youtube** na noong 2021 ay nangunang social media na ginagamit ng mga Pilipino. Mayroon din itong hindi bababa sa 300 **Twitter** accounts. Itinayo rin ang **Sonshine Media Network International** (SMNI) ni Apollo Quiboloy na naging sentro de grabidad ng kontra-rebolusyonaryong propaganda.

**AKREDITASYON.** Tinanggalan ni Marcos ng puwang ang mainstream media at pinabwelo ang 'new media'. Ang kanyang **press secretary ay ang maka-Duterte vlogger na si Trixie Cruz-Angeles.** Samantala, binuo rin ang **United Vloggers and Influencers of the Philippines** (UVIP) na katumbas ng **Press Corps** ng tradisyunal na media.

**KUMIKITANG KABUHAYAN.** Noong 2019, umaabot ng **P30,000 hanggang P70,000** bawat buwan ang kinikita sa trolling.

Ayon naman sa pag-aaral ng University of Oxford, gumastos umano ng higit sa **$200,000.00 o katumbas ng higit 10 milyong piso** ang kampo ni Pangulong Duterte para sa mga "troll armies" nito noong eleksyon 2016.




Ayon sa Social Weather Stations, **7 sa 10 Pilipino** ang naniniwala sa fake news

# Pakatuntong pa lamang sa pwesto sinimulan na ni Marcos ang higit pang agresibong **atake sa kasaysayan at katotohanan**

## KINAKASANGKAPAN NI MARCOS II ANG IBA'T IBANG PAMAMARAAN UPANG IPALAGANAP ANG KANILANG BERSYON NG KASAYSAYAN

### PAGTATALAGA KAY SARA DUTERTE, MALAPIT NA KAALYADO AT KASABWAT, SA KAWANIHAN NG EDUKASYON








### PAGBABAWAL NG MGA LIBRONG 'SUBERSIBO AT KONTRA-GUBYERNO'

**16 libro**

ipinag-utos ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na ipahinto ang paglilimbag at ipagbawal. Kabilang ang Discursos y articulos varios ng bayaning si Graciano Lopez Jaena.

### PAGKALTAS SA BADYET NG MGA AHENSYANG MAY KINALAMAN SA PRESERBASYON NG KASAYSAYAN




NCCA

**83.9% kaltas**
National Commission for Culture and Arts
mula P156 milyon noong 2022 tungong P25 milyon para sa 2023

**27.3% kaltas**
National Historical Commission of the Philippines
mula P292.5 milyon noong 2022 tungong P212.77 milyon para sa 2023

**25.3% kaltas**
National Archives of the Philippines
mula P221.1 milyon noong 2022 tungong P165.2 milyon para sa 2023

**22.6% kaltas**
National Library of the Philippines
mula P208.2 milyon noong 2022 tungong P161.1 milyon para sa 2023




### PANG-AATAKE SA MAINSTREAM MEDIA AT PAGSASABONG SA KANILA SA NEW MEDIA



philstar GLOBAL
Altermidya
ABS-CBN
BULATLAT
CNN Philippines
GMANEWS

Kabilang sa serye ng mga atake ang:
*a. sunud-sunod na Distributed denial of service (DDoS) attacks*
*b. kautusan ng National Security Council, sa kumpas ni Hermogenes Esperon Jr., sa National Telecommunications Commission na tanggalin ang websites ng ilang media outfits.*
*c. tuluy-tuloy na redtagging, panggigipit at intimidasyon.*

# Isa rin sa mga pinagtuunan ng pansin ng rehimeng Marcos II ang **pag-atake sa pulitika ng bansa**



## PINAHIHIGPIT NI MARCOS II ANG NEPOTISMO AT KRONIYISMO SA LARANGAN NG PULITIKA NG BANSA

Bahagi ng paghahanda sa kanilang 'pagsasalo' sa kapangyarihan, pinahina na nang lubos ni Duterte ang oposisyon sa kanyang termino. Wala na sa Senado ang mga tulad nina Gordon, De Lima at Trillanes na naging tinik noon sa dibdib ni Duterte. Dahil sa mas kaunting bilang ng oposisyon, mas madali na para kay Marcos II magpasa ng mga batas at polisiyang nanaisin niya. Napapalibutan siya ng mga kamag-anak, kapwa nepotistikong burukrata at mga tapat na kroni.

### 7 Marcos-Romualdez

ang mayroon ding pusisyon sa pamahalaan.

**Sandro Marcos,** anak ni Marcos Jr., kinatawan ng unang distrito ng Ilocos Norte; **Matthew Marcos Manotoc,** anak ni Imee Marcos, gubernador ng Ilocos Norte; Cecilia Araneta Marcos bise-gubernador; **Imee Marcos** na nakaupong senador; Leyte 1st District Representative at House Speaker **Martin Romualdez , kanyang asawa,** kinatawan ng Tingog Partylist at **pinsang si Alfred,** alkalde ng Tacloban City.

### 3 Duterte

ang mayroon ding pusisyon sa pamahalaan.

**Sara Duterte** bilang bise-presidente **at dalawang kapatid** bilang alkalde at kinatawan ng unang distrito ng Davao City

Bilang kapalit ng pagsuporta sa kanya, tiniyak din nilang makakapamugad pa rin ang mga dinastiyang pulitikal sa loob ng gubyerno.

### 70 sa 177 partylist groups

ang konektado sa mga angkan ng pulitiko.

### 1/4 sa Senado ang magkakamag-anak

Nariyan ang magkapatid na Cayetano, magkapatid na Estrada at mag-inang Villar. Bagamat walang kaanak sa Senado, kapatid naman ni Imee ang pangulo.

### Sa Bikol, nakopo rin ng mga dinastiya ang lokal na pulitika

**Masbate: limang myembro ng Kho** ang nasa matataas na pusisyon (gubernador, bise-gubernador at kinatawan ng tatlong distrito.)

**Camarines Sur:** ang angkang **Villafuerte ay may tatlong pwesto sa pinakamatataas na pusisyon.** Nakakuha rin ng **tatlong pwesto** sa lokal na pulitika ang mga **Fuentebella.**

**Albay: limang pwesto** ang nakuha ng mga **Salceda.**

**Catanduanes: tatlong magkakapatid na Cua** ang nanalo bilang gubernador, bise gubernador at meyor.

**Sorsogon: Mag-asawang Hamor** ang nanalong gubernador at city mayor. **Mag-asawang Fortes** din ang nanalong alkalde ng Barcelona at kongresista.

**Dalawang Escudero** rin, si Chiz sa Senado at kapatid niyang si Dette bilang kongresista, ang sabay na uupo sa gubyerno.

## Isa rin sa mga pinagtuunan ng pansin ng rehimeng Marcos II ang **pag-atake sa pulitika ng bansa**

### MINANA NI MARCOS II ANG LEGASIYA NG KANYANG AMA SA PAGIGING DALUBHASA SA CRONY CAPITALISM

▼

### ILAN SA PINAKANOTORYOSONG KRONI NI MARCOS SR. AT PAG-ANGKIN NILA SA KAYAMANAN NG BANSA

**Kokoy Romualdez**
KAPATID NI IMELDA MARCOS

Kinopo ang Meralco sa ilang panahon. Sa ilalim niya, naubos ang pondo nito. Ang pinanggastos sa kaarawan ni Imelda noong 1974 sa Leyte ay mula sa pondo ng Meralco. Ginamit din ang mga eroplano ng kumpanya para ibyahe ang istap at mga kubyertos mula Maynila. Ang pekeng pagtatapos sa UP Law ni Imee Marcos ay sa Meralco Theater din ginanap.



**Eduardo 'Danding' Cojuangco, Jr.**
ISA SA ROLEX 12* NI MARCOS

May monopolyo sa industriya ng niyog, may kontrol sa United Coconut Planters Bank. Gamit ang pera mula sa coco levy at windfall ng UCPB, binili niya ang San Miguel Corporation.



**Roberto Benedicto**
FRATERNITY BROTHER NI MARCOS

May monopolyo sa industriya ng asukal at kumontrol sa Philippine National Bank. Binubuo ang kanyang imperyo ng 85 korporasyon, 106 tubuhan, 14 hacienda at iba pang lupain; 17 istasyon ng radyo, 16 istasyon ng telebisyon, 2 telecommunications networks; mga gusali at sasakyang panghimpapawid. Mayroon din siyang 13.5 bilyong sapi sa Oriental Petroleum at halos kalahating milyong sapi sa mga golf at country club sa US. Mayroon din siyang azucarera sa Venezuela, trading company sa Madrid, at mga pag-aari at deposito sa bangko sa California.



**Antonio Floirendo**
BANANA KING

May monopolyo sa industriya ng saging. Nagmay-ari ng Tagum Agricultural Development Company, Inc. 6000-ektaryang taniman ng saging sa Panabo, Davao del Norte, Philippines



**Lucio Tan**
CIGARETTE BARON

Kontrolado niya ang industriya ng sigarilyo at alak sa loob ng 40 taon. Ang Fortune Tobacco Corp ang sentro ng negosyo ni Tan. Noong 1980s, 60% hanggang 77% ang kontrolado niyang bahagi ng merkado

**Benny and Glecy Tantoco**
RETAIL MAGNATES

Kilala sa kanilang mga pag-aaring duty-free shops..

---

** **Rolex 12** ang kolektibong tawag sa pinakamalalapit at makapangyarihang adviser ni Marcos noong panahon ng batas militar. Sila ay sina **Tomas Diaz** (PMA-Cl '51 - Vice Chief ng Philippine Constabulary); **Juan Ponce Enrile** (Minister of National Defense); **Romeo Espino** (UP-ROTC - Chief of Staff ng AFP); **Romeo Gatan** (Rizal Chief ng Philippine Constabulary); **Alfredo Montoya** (PMA Cl-'51 -Chief ng Philippine Constabulary Metropolitan Command (METROCOM)); **Ignacio Paz** (PMA Cl-'51 - Chief ng Intelligence Services of the Armed Forces of the Philippines); **Fidel Ramos** (USMA Cl-'50; Honorary PMA Cl-51 - Chief ng Philippine Constabulary); **Jose Rancudo** (Commanding General ng PAF); **Hilario Ruiz** (Flag Officer in Command ng Philippine Navy); **Rafael Zagala** (Commanding General ng PA); **Fabian Ver** (Honorary-PMA Cl '51 - Chief ng National Intelligence Security Authority); **Eduardo "Danding" Cojuangco Jr.** (Honorary PMA Cl-'51)*

# Isa rin sa mga pinagtuunan ng pansin ng rehimeng Marcos II ang **pag-atake sa pulitika ng bansa**

## MINANA NI MARCOS II ANG LEGASIYA NG KANYANG AMA SA PAGIGING DALUBHASA SA CRONY CAPITALISM

▼

### ILAN SA PINAKANOTORYOSONG KRONI NI MARCOS SR. AT PAG-ANGKIN NILA SA KAYAMANAN NG BANSA

**Geronimo Velasco**
UNANG HEPE NG PHILIPPINE MINISTRY OF ENERGY

Siya ang may pakana ng pagpapataw ng levy at buwis sa gasolina na nagdulot ng lampas-dobleng pagtaas ng presyo nito. Mula sa P2.20 kada litro, lumobo ito sa P5.05. Habang nasa pwesto, lumaki nang lampas 800% ang kanyang yaman mula $5.4 milyon tungong $50 milyon sa loob lamang ng 13 taon. May sapi rin siya sa pagmimina ng petrolyo at mineral; at transportasyon.

**Herminio Disini**
ASAWA NG PERSONAL NA DOKTOR NI IMELDA MARCOS

May monopolyo sa pag-aangkat ng filter ng sigarilyo. Siya ang namagitan sa konstruksyon ng $2 bilyong Bataan Nuclear Power Plant. Tumanggap siya ng $50 milyong komisyon mula rito. Si Marcos ay nakapagbulsa rin ng hiwalay na $30 milyong kurakot. Hanggang ngayon, hindi pa rin napapakinabangan ang BNPP

**Roman 'Jun' Cruz**
BANKROLLER NG EDIFICE COMPLEX*

Nanungkulang Undersecretary of Finance (1968-1970). Ngunit mas kilala siya bilang tagpagpondo ng mga byahe sa ibayong dagat at ng mga enggrandeng proyekto ni Imelda Marcos. Siya ang namuno sa Philippine Air Lines (PAL) at Government Service and Insurance System (GSIS) na parehas niyang ipinagsilbi sa layaw ni Imelda.

**Rodolfo Cuenca**
GOLF PARTNER NI MARCOS

Isa pang bankroller ng edifice complex. Bilang pinuno ng Construction and Development Corporation of the Philippines (CDCP), pinangunahan niya ang pagtatayo ng mga proyektong tulad ng San Juanico Bridge. Umabot sa $650 milyon ang utang CDCP noong 1980.



**Juan Ponce Enrile**
PROTEGE NI MARCOS

Mula 1964, kasama na siya ng dating diktador. Marami siyang hinawakang pusisyon sa ilalim ni Marcos, pinakahuli ang Minister of National Defense. Bilang kabayaran sa katapatan, nakapagpasasa si Enrile sa 95,777 ektaryang konsesyon sa pagtotroso sa ilalim ng San Jose Lumber. Ang pagkakaambus umano sa kanya ang isa sa mga dahilan ng pagpapataw ng Batas Militar. Kilala rin sa taguring ***consummate political survivor*** dahil sa kanyang pagiging balimbing o pagpapalit-palit ng panig batay sa kung ano ang pabor. Noong 1986, inamin niyang orkestrado ang ambus. Pero ngayong 2022, binabaligtad niyang muli ang kwento.



Kinopo ni Marcos Sr., at ng kanyang mga kroni ang mga kumpanyang tulad ng Meralco, PLDT, 3 Philippine airline services at mass media corporations, kasabay ang 7 istasyon ng telebisyon, 16 pambansang dyaryo, 66 dyaryo sa komunidad, 11 lingguhang magasin at 292 istasyon ng radyo.

---


*** Edifice complex** ay isang terminong pinasimulan ni Benjamin Roberto "Behn" H. Cervantes, isang mahusay na direktor, manggagawang pangkultura, guro at aktibista na naging biktima ng batas militar. Tinutukoy nito ang pagkalango ng rehimeng Marcos Sr., partikular si Imelda Marcos, sa napakagagarbo at napakagagastos na imprastrukturang ipinatatayo gamit ang pondo ng publiko habang naghihirap ang sambayanang Pilipino.*

## Kahit sa gitna ng kaliwa't kanang krisis na bumabayo sa masa, pinaigting ng kasalukuyang rehimen ang **atake sa kagalingan at kabuhayan**

### GINAWANG PERSONAL NA BALON NG KORAPSYON NI MARCOS II ANG PAMBANSANG BADYET NG 2023

# P2.8 trilyon

ang kabuuhang halaga ng Presidential Pork Barrel ni Marcos II. Ito ay 54% ng kabuuhang pambansang pondo sa 2023.




# P3.27 bilyon

ang pondo mula sa farm-to-market roads (FMR) program ng Dept. of Agriculture na mapupunta sa 'Marcos territories': Rehiyon 1 at Rehiyon 8. Sangkapat agad ng kabuuhang badyet ng DA para sa FMR ang mapupunta lamang sa dalawang rehiyon. P1.86 bilyon ang mapupunta sa Rehiyon 1 at P1.41 bilyon naman para sa Region 8 para sa lampas 100 proyektong FMR. Nagkakahalaga ang kada isa ng P12 milyon hanggang P30 milyon.

# P13 bilyon

ang Contingent Fund. Maaari itong gamitin ng Pangulo bilang 'baon' sa mga byahe sa ibang bansa. Sa mga nauna niyang 'state visit', kasama niya ang kanyang asawa at anak na si Sandro - gamit ang pera ng taumbayan.

### HINDI RIN PAHUHULI SI VP SARA DUTERTE SA LAKI NG KURAKOT NA PAGPAPASASAAN

# P2.3 bilyon

ang pondo ng Office of the Vice President (OVP) para sa 2023. Ito ay higit sa tatlong ulit na malaki kaysa sa badyet ngayong 2022 ni Leni Robredo (P700 milyon). Hiwalay pa ang badyet na hahawakan niya para sa Dep-Ed

# 100,323% pagtaas

sa pondong tuwirang makokontrol ni Sara Duterte dahil sa OVP at Dep-Ed. Papalo ito ng nakalululang P718 bilyon kumpara sa wala pang isang bilyon ni Robredo nitong 2022.

### SINUSUNDAN NI MARCOS II ANG YAPAK NG KANYANG AMANG DIKTADOR SA SAHOL NG TAHASANG PANGUNGURAKOT



# "Greatest Robbery of a Government"

hawak ni Marcos Sr. ang Guinness World Record* para sa pinakamalaking pagnanakaw ng isang gubyerno. Wala pang nakatatalo nito hanggang ngayon. Aabot sa P250 bilyon hanggang P500 bilyon ang kinulimbat niya mula sa pera ng taumbayan.

---

** **Guinness World Record** ay ibinibigay sa mga 'pinaka' sa buong daigdig. Tinitipon ito sa Guinness Book of World Records na ilinalathala taun-taon sa 100 bansa at 23 wika sa buong mundo.*

## Kahit sa gitna ng kaliwa't kanang krisis na bumabayo sa masa, pinaigting ng kasalukuyang rehimen ang **atake sa kagalingan at kabuhayan**

**MAY PANIBAGO NA NAMANG PONDONG KUKURAKUTIN ANG MGA MARCOS SAMANTALANG IBINABAON NA NILA SA LIMOT ANG NAPAKALAKI PA NILANG UTANG SA PONDONG PAMPUBLIKO**




# P125 bilyon

hindi pa nababawing halaga mula sa mga Marcos. Bahagi ito ng nasa P500 bilyong ninakaw nila mula sa taumbayan.

# P203 bilyon

hindi pa binabayarang buwis sa pag-aari ni Marcos II. Dahil nakaluklok na sa pwesto lalong lumalakas ang loob ni BBM na ibaon sa limot ang kanyang utang sa bansa.

# P10 bilyon

halagang itinago ni Imelda Marcos sa pitong pribadong Swiss foundation noong siya'y nakaupo pa bilang gubernador ng Metro Manila, mambabatas at minister of human settlements sa ilalim ng kanyang asawa. Dahil dito, noong 2018, nahatulan siyang lumabag sa pitong kaso sa ilalim ng Republic Act No. 3019 o Anti-Graft and Corrupt Practices. Bilang parusa, hinatulan siyang makulong nang 42 hanggang 77 taon. Hindi siya kailanman umapak sa bilangguan.

**ANG MALAKING KABALINTUNAAN, ANG PINAKAMALAKI AT MATAGAL NA TAX EVADER NA SI MARCOS II AY MAGPAPATAW NG PANIBAGO NA NAMANG DAGDAG-BUWIS SA SAMBAYANANG PILIPINO**

# P11.7 bilyon

target na dagdag-kita para sa 2023 ni Marcos II mula sa pangongolekta ng buwis. Walang ibang papasan kundi ang masang dati nang naghihirap.

- PACKAGE 1: pagtatanggal sa exemptions sa pagbayad ng VAT ng mga senior citizen at persons with disabilities (PWD).
- PACKAGE 1: suspension ng nakatakdang pagbawas sa personal income tax
- PACKAGE 1: Excise tax sa mga pickup at motor
- PACKAGE 1: Bagong buwis gaya ng 12% Value-Added Tax sa mga digital service providers. Bubuwisan nito ang mga online na transaksyon gaya ng panonood, pagbili at pagpapadala.
- PACKAGE 2: SIN TAX buwis sa mga produktong tulad ng sigarilyo, softdrinks, juice at iba pa
- PACKAGE 3: POLLUTION TAX babayarang buwis ng mga kumpanya para sa carbon emissions

Samantala,

# P470 trilyon

kada taon sana ang kikitain ng gubyerno kung bubuwisan ang yaman mga bilyonaryo (wealth tax).

## Kahit sa gitna ng kaliwa't kanang krisis na bumabayo sa masa, pinaigting ng kasalukuyang rehimen ang **atake sa kagalingan at kabuhayan**



### NAPAKAHIGPIT NI MARCOS II SA KARANIWANG PILIPINO, NGUNIT NAPAKALUWAG NAMAN PARA SA MGA MALALAKI AT DAYUHANG NEGOSYANTE

Hindi pinirmahan ni Marcos II ang panukalang batas hinggil sa tax break ng mga guro:

**P1.5 bilyon**

halaga ng buwis na ipinapanukalang ibalik sa 700,000 gurong nagsilbi noong nakaraang eleksyon.

**20% ng honoraria**

halaga ng buwis na kinaltas sa mga nagsilbing electoral officials nitong Eleksyon 2022. Ipinapanukala rin sana ang pagbabalik nito sa mga guro.

Ngunit magbibigay siya ng mga dagdag kaluwagan sa pagbubuwis para sa mga negosyo:

**P372 bilyon**

dagdag kita ng mga korporasyon (2021-2023) dahil sa mga luwag na dala ng CREATE. Pasisimplehin pa ang pagtupad sa nakatakdang buwis (tax compliance) para mapadali ang pagbabayad ng buwis ng mga kumpanya. Magluluwag din sa pagbubuwis sa mga dayuhang namumuhunan sa mga economic zones para makaakit pa ng dagdag na mamumuhunan.

### ANG PATAKARAN SA PAGBUBUWIS NI MARCOS II AY WALANG IPINAG-IBA SA KANYANG AMA. NAGPATAW SI MARCOS SR. NG PATUNG-PATONG AT HINDI MAKATARUNGANG MGA BUWIS NA NAGLUBLOB SA MASA SA KAHIRAPAN.

**coco levy funds**

isa sa pinakakontrobersyal at mapagsamantalang buwis sa panahon ni Marcos Sr. Ipinatupad sa pamamagitan ng isang Presidential Decree.

**P9.8 bilyon**

halagang nakolekta mula sa mga magsasaka ng niyog mula 1971 hanggang 1983. Wala silang napakinabangan sa halagang ito. Ibinulsa at sinarili ito nina Marcos at kanyang mga kroni.


**P93 bilyon**

halaga ng mga ari-arian na nagmula sa pondo ng coco levy. Hiwalay pa rito ang halagang hindi pa nalilitis at nadedesisyunan. Hanggang ngayon, hindi pa naibabalik sa mga magsasaka ang halagang ito.



# Kahit sa gitna ng kaliwa't kanang krisis na bumabayo sa masa, pinaigting ng kasalukuyang rehimen ang **atake sa kagalingan at kabuhayan**

## SA PAGPRAYORIDAD NG KORAPSYON AT SARILING INTERES, MGA PROGRAMA AT SERBISYONG PANGKAGALINGAN NG MASA ANG NAGDUSA




### P1.196 trilyon

**para sa "Build Better More" - bersyon ni Marcos II ng programang pang-imprastruktura.** Halos sangkatlo ito ng kabuuhang badyet.

- **P429 bilyon:** Pagpapatayo ng mga kalsada
- **P105 bilyon:** Big ticket railway systems
- **P136.5 bilyon:** Support for Infrastructure Projects and Social Programs (SIPSIP). *1,000% pagtaas ito ng pondong nasa anyo ng lump sum unprogrammed appropriations.*
- **P380.6 bilyon:** Support to Foreign-Assisted Projects

SAMANTALA, walang plano para sa **6.7 milyong backlog sa programang pabahay ng gobyerno.**

Isa pang pangamba ang **pagdami ng mapapalayas at mawawalan ng tirahan at kabuhayan** dahil sa pagpapatuloy ng mga proyektong imprastruktura.

### P1.6 trilyon

**para sa pagbabayad-utang. P582.32 bilyon** sa interes at **P1.02 trilyon** sa prinsipal na utang.

### P2.46 trilyon

**natitirang pondong paghahati-hatian ng lahat ng mga nalalabing ahensya.** Pinakamalaki ang nakuha ng sektor ng depensa, samantala malalaking kaltas ang tinamo ng iba pang sektor.

## kulang na badyet sa agrikultura

### P184 bilyon

**magkakakumbinang pondo na ng Department of Agriculture, Department of Agrarian Reform at National Irrigation Authority.**

**P489.6 milyon:** Fuel Assistance to Fisherfolk program ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources. **Sa tig-P15,000 subsidyo, 32,600 lamang sa dalawang milyong rehistradong mangingisda ang mararating ng pondo.**

**P993 milyon: kaltas sa pondo sa irigasyon, kagamitan at pagsasanay ng mga magsasaka.** Binawasan ang pondo ng: Irrigation Network Service (INS), Provision of Agricultural Equipment and Facilities ng National Rice Program, at Extension Support, Education, and Training Services budget ng National Livestock Program.

## kaltas sa proyektong pangkagalingan

### P512.3 bilyon

**pondo para sa social protection budget.** Kinaltasan ito ng P49 bilyon mula sa P561.3 bilyon noong 2022.

- **P20.3 bilyon (45.9%):** kaltas sa pondong ayuda para sa mga pamilya at bata
- **P10.8 bilyon (33.9%):** kaltas sa pondong ayuda para kawalan ng trabaho
- **P2.6 bilyon (56.2%):** kaltas sa pondo para sa pabahay
- **P24.1 bilyon (9%):** iba pang tipo ng social protection
- **P401.2 milyon:** pondo para sa mga nakaligtas sa sakuna
- **P41.6 milyon:** pondo para sa pananaliksik at pagpapaunlad

## Kahit sa gitna ng kaliwa't kanang krisis na bumabayo sa masa, pinaigting ng kasalukuyang rehimen ang **atake sa kagalingan at kabuhayan**

### SA PAGPRAYORIDAD NG KORAPSYON AT SARILING INTERES, MGA PROGRAMA AT SERBISYONG PANGKAGALINGAN NG MASA ANG NAGDUSA

### kinaltasang pondo ng mga manggagawa

**P1.42 bilyon**
Ibabawas sa pondo ng Emergency Repatriation Program ng bagong tayong Department of Migrant Workers

**P4.4 bilyon**
Ibabawas sa pondo para sa sahod ng mga doktor at nars sa public health program

**P27.23 milyon**
Ibabawas sa pondo ng Commission on Higher Education (CHED) para sa sahod, kumpensasyon at honoraria ng mga guro at iba pang personnel

### tinapyasan ang pondong pangkalusugan

**P3.6 bilyon**
Kaltas sa pondo ng pasilidad ng mga ospital

**P6.8 bilyon**
Kaltas sa pondo ng mga ospital:

*P5 bilyong bawas sa pondo ng specialty hospitals - Lung Center, Heart Center, Kidney Center at Children's Medical Center*
*P893 milyong kaltas sa badyet ng Philippine General Hospital (PGH)*
*P881.1 milyon bawas sa subsidyo sa Government Owned and Controlled Corporation (GOCC) hospital gaya ng Philippine Heart Center.*

### kaltas sa sektor ng mataas na edukasyon

**P1.8 bilyon**
Ibabawas sa pondo ng Commission on Higher Education. Maaapektuhan ang 82 eskwelahan. Kabilang sa mababawasan ang pondo para sa Maintenance and Other Operational Expenses (P823.84 milyon) at Tertiary Education Subsidy (P295 milyon).

**P2.5 bilyon**
Ibabawas sa pondo ng University of the Philipines system. Ito ay 9.8% na mas mababa kaysa noong 2022.

### kaltas sa mga ahensya para sa mahihirap

**52.3%**
Ibabawas sa pondo ng National Commission of Senior Citizens

**17.2%**
Ibabawas sa pondo ng National Anti-Poverty Commission

**3.8%**
Ibabawas sa pondo ng Presidential Commission for the Urban Poor

### walang pondo para sa ilang programa


**0**


pondo para sa special education. Proyekto sana ito ng Department of Education

pondo para Libreng Sakay. Walang ilinaan para sa service contracting ng Department of Transportation

# Kahit sa gitna ng kaliwa't kanang krisis na bumabayo sa masa, pinaigting ng kasalukuyang rehimen ang **atake sa kagalingan at kabuhayan**

## GAYA NG MGA NAUNANG ADMINISTRASYON, WALANG KONGKRETO AT MAKABULUHANG PLANO ANG REHIMENG MARCOS II PARA SA AGRIKULTURA AT PAGGAWA






### REPORMA SA LUPA ALA MARCOS: NAG-AASTANG USURERO ANG GUBYERNO SA MGA MAGSASAKA

Itinatambol ni Marcos II ang umano'y ***"agricultural productivity"* sa pamamagitan ng pautang.** Gaya lamang ito sa programang Masagana-99 ng kanyang ama. "Modernisasyon ng bukid" sa pamamagitan ng "bagong teknolohiya" na susuportahan ng "institusyunalisadong pautang" ng gubyerno. Sa halip na tugunan ang problema, lalo lamang linulubog ni Marcos II sa utang ang masang magsasaka.

Nagpatupad din siya ng **isang taong moratorium sa amortisasyon at interes na bayarin ng mga agrarian reform beneficiaries (ARBs)** a pamamagitan ng isang executive order. **Gayunpaman, pansamantalang lunas lamang ito. Hindi nito pinawi ang problema sa utang ng mga magsasaka.**

**Dahil sa ganitong kalagayan, lalong dumadausdos ang produksyon ng bansa at napipilitang sumalig sa pag-aangkat.**




### PROGRAMA SA PAGGAWA: PAGPAPATULOY NG MALAWAKANG PAG-EKSPORT NG LAKAS-PAGGAWA

Sa loob ng 100 araw, **wala pang ni anumang binanggit o aksyon si Marcos II para lumikha ng lokal na trabaho.** Mapapansing ang diin niya ay ang pagtulak sa Department of Migrant Workers na bilisan ang **paghanap ng trabaho sa ibang bansa at gawing kaakit-akit para sa mga dayuhang kumuha ng mga manggagawang Pilipino.** Nangangahulugan ito ng higit na barat na sahod, mas hindi-makataong kalagayan sa paggawa at iba pang mukha ng pagsasamantala.

Muli, katunog na naman ito ng programa ng kanyang ama sa paggawa. Noong 1974, ilinunsad ni Marcos Sr. ang labor export program na nagpasimula ng unang bugso ng mga maramihang paglabas ng Pilipino sa bansa para maghanap ng trabaho. Nasa humigit-kumulang **700,000 kada taon** umano ang nadaragdag sa bilang ng walang trabaho dahil kulang ang lokal na trabaho.

# Bilang tapat na tuta ng mga dayuhang kapangyarihan, inuna rin ni Marcos II ang **pag-atake sa kasarinlan ng bansa**

### PINABABAYAAN LAMANG NI MARCOS II ANG PATULOY NA PAGBALEWALA NG TSINA SA SOBERANYA NG PILIPINAS SA MGA TERITORYO NITO



*Mapa ng nine-dash line ng Tsina.*

## 90% ng South China Sea

inaangkin ng Tsina gamit ang argumento ng kanilang nine-dash line. Aabot sa 3 milyong kilometro kwadrado ang nais kopohin ng Tsina. Binasura ng The Hague ang naturang reklamo noon pang 2016.

## 70% ng kita

ang nawawala araw-araw sa mga mangingisda ng Zambales. Dahil ito sa pagpigil sa kanilang makapangisda at agresibong paggiit ng Tsina ng karapatan sa West Philippine Sea.

### SAMANTALA, WALA RIN SIYANG BALAK NA PUTULIN ANG RELASYON SA MILITAR NG US

## Visiting Forces Agreement

Noong Mayo 2022, ihinayag ni Marcos II ang kagustuhang pahabain pa o i-renew ang bisa ng VFA. Bibigyang-daan nito, at ng mga iba pang mga kasunduang militar tulad ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) ,ang pagpapatuloy ng malayang paggamit ng US sa teritoryo ng bansa para sa kanilang mga pasilidad at aktibidad.

### GAYUNDIN SA EKONOMYA

## Indo Pacific Economic Framework

Agad na pinirmahan ni Marcos II ang bagong alok ni Biden na Indo Pacific Economic Framework (IPEF). Layon umano nitong palakasin pa ang ugnayan ng Pilipinas at US sa usapin ng pamumuhunan, kalakal at komersyo.

Bago pa nito, nagpahayag na ng interes sa IPEF si Marcos II. Bukas din umano ang Pilipinas sa posibilidad ng mga PPP (public-private partnerships) sa mga Amerikanong kumpanya. Wala pa man ang pagbabago sa Konstitusyon, halos ibuyangyang na agad ni Marcos II ang buong pambansang ekonomya ng bansa sa mga dayuhang kapangyarihang tulad ng imperyalistang US.

## At syempre, hindi makukumpleto ang pamumuno ni Marcos II kung wala ang pagpapatuloy at pagpapasahol niya ng **atake sa karapatan ng taumbayan.**




**PAGBUHAY NG ROTC**

**HINDI PAGPAYAG NA IMBESTIGAHAN NG ICC**

**PAGTUTULOY NG GERA KONTRA-DROGA**

### PATULOY NA PAMAMAYAGPAG NG NTF-ELCAC

**General's Pork**

**P 10 bilyon**

alokasyon sa **Barangay Development Program (BDP)** ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) sa susunod na taon. Ito ay **77.8% mas mataas** kaysa badyet nito ngayong taon. Tinatawag itong **"General's Pork"** na ginagamit sa **red-tagging at panuhol ng militar sa mga barangay**

**P33.4 milyon**

halaga ng pondo ng NTF-ELCAC na hindi pa naipapaliwanag ang pagkakagastos.

**P1.084 bilyon**

alokasyon ng PNP-DILG para sa programang ELCAC nito. Ito ay 161% na mas malaki sa alokasyon nito ngayong taon

**P1.1 bilyon**

Special Area for Agricultural Development (SAAD), isang proyekto sa ilalim ng Dept of Agriculture na binuo sa bisa ng EO 70 ni Duterte. Sa esensya, ang pondo ng SAAD, na mayroong P251 milyong dagdag, ay badyet para sa NTF-ELCAC.

### BLACK BUDGET AT PONDO PARA SA PASISMO

**P4.96 bilyon**

alokasyon para sa intelligence funds

**P4.3 bilyon**

alokasyon para sa confidential funds

**P150 milyon**


hininging confidential funds ng Dep-Ed sa ilalim ni Sara Duterte.

**P240.7 bilyon**

pondo ng Department of Defense. Ito ay 9% mas malaki kasya badyet nito ngayong 2022. Taun-taon tumataas ang badyet nito.

**P2.25 bilyon**

hininging intelligence at confidential funds ng Office of the President



**P191.5 bilyon**

panukalang pondo ng Philippine National Police. May karagdagang P801 milyon ang badyet na ito para sa 2023

**P40 bilyon**

pondo para sa AFP Modernization. Tumaas mula sa P29 bilyon nitong 2022. Samantalang nasa P30 bilyon lang ang programa para sa bigas.

### PAGTANGGI SA USAPANG PANGKAPAYAPAAN

Pinayuhan si Marcos ng kanyang mga alagad sa NTF-ELCAC na huwag pumasok sa usapang pangkapayapaan kasama ang NDFP. Sa unang 100 araw niya ay sinunod niya ito. Kapag ipinagpatuloy niya ito, siya ang katangi-tanging presidente matapos ang martial law na hindi humarap sa peace talks.

At syempre, hindi makukumpleto ang pamumuno ni Marcos II kung wala ang pagpapatuloy at pagpapasahol niya ng **atake sa karapatan ng taumbayan.**

**SA KABIKULAN,**

**23 kaso**
ng paglabag sa karapatang tao sa Kabikulan (Hunyo 30-Setyembre 29).

**4 kaso**
ekstrahudisyal na pamamaslang. **Lahat ng ito ay naitala sa militarisadong isla ng Masbate.**

**94 pamilya**
biktima ng sapilitang pagpapalayas ng militar at lokal na upisyal. Pinaalis sila sa kanilang lupang sinasaka sa Brgy. Cabungahan, Calapayan at Villaluna, Cawayan, Masbate

**3 kaso**
iligal na pag-aresto

**isang kaso**
ng pekeng labanan. Walang habas na nagpaputok ang mga elemento ng 2nd IBPA sa mga kabahayan sa Brgy. Magsaysay, Esperanza, Masbate



Sa harap ng lahat ng atakeng ito sa nakaraan, kasalukuyan at hinaharap ng sambayanan, nananatiling matatag ang paglaban ng taumbayan sa ilehitimo at pahirap na rehimeng Marcos II!

